Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
# Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 3, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

Ang mga boluntaryong nakiisa sa Bayani Challenge 2013 sa pasahan ng hollowblocks para sa paunang 44 bahay itatayo sa bagong gawad kalinga site, ang GK Friendship Village sa San Lorenzo Ruiz



ISANG BAYAN ISANG BAYANIHAN
BAYANI CHALLENGE 2013

# GK Bayani Challenge 1st time sa CamNorte

Isa ang Camarines Norte sa 34 na probinsiya sa bansa na napiling lugar sa pagdaraos ng GAWAD KALINGA BAYANI CHALLENGE 2013 na sabay-sabay nagsagawa ng bayanihan noong Marso 23- Marso 27, 2013 upang makapaghandog ng tahanan sa mahihirap na pamilya.

Dito sa Camarines Norte, tampok ang pagbubukas ng bagong Gawad Kalinga Site sa Barangay Laniton, San Lorenzo Ruiz na tatawaging GK Frienship Village kung saan 44 bahay ang paunang itinatayo sa tulong ng nasa 1,800 volunteers mula dito sa lalawigan at sa ibat-ibang lugar sa rehiyong bikol at iba pang probinsiya sa ilalim ng pagtutulungang pagtataguyod nila Gob. Edgardo A. Tallado, Mayor Tito Sarion ng Daet, Mayor Nelson delos Santos ng San Lorenzo Ruiz at Gawad Kalinga Foundation (GKF).

Ang mga dayuhang *volunteers* ay mula pa sa lalawigan ng Masbate, Camarines Sur, Sorsogon, Albay at University of the Philipppines, Los Banos, Laguna na dumayo sa Camarines Norte sa sarili nilang pagsisikap at habang naririto sila ay sila din ang magtutustos sa kanilang sariling mga pangangailangan at handang magtiis anuman ang kanilang datnang sitwasyon o tirahan upang makiisa sa *Bayani Challenge* bilang pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.

Ayon sa ulat ni Dhang Tecson ng (GKF), 1,800 ang nagparehistrong *volunteers* kasama ang iba pang hindi nagpalista ang tumulong upang simulan ang pagtatayo ng 44 bahay; *refurbishing* ng 3 paaralan at 1 simbahan at pagsasagawa ng *coastal clean-up*. Samantala, 1500 na mamamayan ang naserbisyuhan ng *medical mission;* 150 bata ang napasaya *ng* programang *Paraisong Pambata,* 500 aso sa 2 barangay ang naturukan ng *anti-rabies vaccine*. Sa pagtutulungan ng 2 munisipyo: Daet at San Lorenzo Ruiz; ng pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte at DENR ay nakaipon ng 2700 tree seedlings, 20,000 pineapple suckers at 1,500 mangroves propagules na ang ilan dito ay sinimulang itanim sa loob ng 5 araw sa pagdaraos ng Bayani Challenge 2013. Magpapatuloy ang bayanihang pagtatanim ng mga ito ng mga mamamayan sa GK site sa San

(Sundan sa pahina 4)

## Nasa Loob

Buwan ng kababaihan GAD tinalakay p2
Kaso ng Pang-aabuso bumaba! p2
ibinida sa Women's Month Produkto mula sa katas ng pinya p2
Tinalakay Disaster Preparedness Plan p2
P 43. 4 milyon sa elektripikasyon ng purok, ipinagkaloob ng NEA p3
Tren ng Bikol muling bubuksan p3
GOOD, nakuhang rating sa ARTA p3
4-H club sa CNorte aktibo p3
Pamilyang Walang Bahay p4
Mga piling larawan p5
184 katao libreng naoperahan ng BACNA p6
Ugaliin Pagsesepilyo at paghuhugas ng kamay p6
Makinaryang pagsasaka at iba, paparating p7
Pagtatanim ng bakawan, patuloy p7
Kahalagahan ng orkanikong pagsasaka dapat maunawaan p7

# 44 bahay itinatayo sa bagong GK Friendship Village



Makikita sa larawan ang pagpirma ni (mula sa kaliwa) Mayor Tito Sarion ng Daet, Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado at Mayor Nelson delos Santos ng San Lorenzo Ruiz gayundin ni G. Honorio Estravez Coordinator ng GKF, ukol sa pagtatag ng GK Friendship Village na kanilang itinataguyod sa pakikiisa sa GK Foundation. Nasa kaliwa ni Mayor Sarion, si Board Member Romeo Marmol bilang saksi

GK FRIENDSHIP VILLAGE ang tawag sa bagong Gawad Kalinga Site sa Lalawigan ng Camarines Norte sa Barangay Laniton, San Lorenzo Ruiz na naitatag noong Marso 23 sa pagsisimula ng BAYANI CHALLENGE 2013 kung saan 44 bahay ang kasalukuyang itinatayo sa pamamagitan ng bayanihan ng mga volunteers na nanggaling sa iba't-ibang lugar sa loob at labas ng Camarines Norte.

Bago sinimulan ang konstruksyon ng mga bahay ay nilagdaan sa harap ng mga naroroon ang Memorandum of Agreement (MOA) ng mga tagapagtaguyod ng GK friendship village na sina Gobernador Ed-

(Sundan sa pahina 5)

*Buwan ng Kababaihan*

# GAD tinalakay

Isang *Orientation on Gender and Development (GAD) including Magna Carta of Women Provisions on Reproductive Rights and Gender-Based Violence* ang idinaos noong Marso 25, 2013 sa *Audio-Visual Room, 3rd floor annex, Provincial Capitol.* Ito ay bilang pakikiisa ng lalawigan sa *2013 Women's Month Celebration* na may temang, "Kababaihan: Gabay sa Pagtahak sa Tuwid na Daan".

Isinagawa ng *PSWDO* ang naturang oryentasyon para sa mga *GAD Focal Point System* at mga kawani ng pamahalaaang panlalawigan. Layunin nito na ang mga kalahok ay magkaroon ng *Knowledge, Aptitude and Skills (KAS)* ukol sa *GAD concepts* at maisalin bilang likas-kayang *gender-responsive programs/ projects.* Kabilang dito ang pagbuo ng mekanismo para sa promosyon at pagpatupad ng karapatan pangkababaihan, pagkilala, pagrespeto at pagbigay-proteksyon sa kanila para mabigyang-lakas at kapangyarihan ang mga kababaihan at maisulong ang gender equality (pagkakapantay ng mga kasarian) sa pamamagitan ng pagbuo ng *GAD Focal Point System* sa panlalawigang antas.

Ang paksang *GAD Concepts/Gender Sensitivity* ay tinalakay ni *Acting PSWD Officer* Cynthia R. dela Cruz na inilahad ang mga inisyatibo ng pamahalaang lokal at nasyonal para mabigyang-kalakasan ang mga kababaehan *(women empowerment)* na mapaunlad ang kanilang sarili, maipaglaban ang kanilang sarili at kakayahan, maipagtanggol ang kanilang mga karapatan at matamasa ang kanilang mga pribilehiyo.

# ibinida sa Women's Month
# Produkto mula sa katas ng pinya

Sumali ang Kalipunan ng Liping Pilipina (KALIPI) Camarines Norte sa *Regional Women's Month Celebration* na idinaos sa Albay *Astrodome*, Legazpi *City* bilang pakikiisa ng Camarines Norte sa taunang pagdiriwang ng bansa ng *Women's Month Celebration.*

Sa naturang *regional activity*, sinuportahan ng pamahalaang panlalawigan ang itinayong *booth* ng KALIPI CN kung saan ibinida nila ang mga produktong mula sa katas ng pinya gaya ng alak, suka, at iba pang produktong tatak Camarines Norte, ika nga.

Kaugnay pa rin ng pagdiriwang, tampok sa "Talakayan sa PIA" ng Philippine Information Agency ng Camarines Norte ang temang "Kababaihan: Gabay sa Pagtahak sa Tuwid na Daan."

Ayon naman kay *Acting PSWDO* Cynthia R. dela Cruz, nagkabit din ng mga istremer sa mga istratehikong lugar at establisimyento sa Camarines Norte para maipaalam sa publiko ang mga aktibidad na isinasagawa rito.

Idinagdag niya na ang mga pamahalaang lokal sa lalawigan ay nagsagawa ng kani-kaniyang programa at gawain bilang pagobserba sa taunang selebrasyon na kumikilala sa mga karapatang pantao ng mga kababaehan at mahalagang papel nila sa paghubog ng isang

*(Sundan sa pahina 6)*

# Kaso ng Pang-aabuso bumaba!

Bumaba ng lima o kabuuang 56 ang naitalang kaso ng paglabag sa Republic Act 9262 o "Anti-Violence Against Women and their Children Act" ang naisampa sa korte sa taong 2012 kumpara sa 61 kaso ng nakaraang 2011 sa lalawigang ito.

Ito ang ipinahayag ni P/Insp. Ana Rose A. Domingo, hepe ng Women's and Children's Protection Desk ng Camarines Norte Police Provincial Office sa isinagawang "Talakayan sa PIA" ng Philippine Information Agency ng Camarines Norte kung saan tampok ang "Women's Month Celebration" kamakailan na may temang "Kababaihan: Gabay sa Pagtahak sa Tuwid na Daan."

Sinabi ni P/Insp. Domingo na ang pagbaba ng bilang ng mga kaso na isinampa ng mga kababaihan dahilan sa pang-aabuso ay ang kanilang patuloy na pagbibigay ng kamalayan o social awareness sa mga paaralan para sa mga mag-aaral at mga guro tungkol sa RA9262 o anti -violence against women and children. Ayon pa sa kanya karamihan ng mga kasong naisampa ay panggagahasa, tangkang panggagahasa, panggagahasa batay sa RA 9262, physical injuries, acts of lasciviousness, pananakot, concubinage, qualified trespass to dwelling at unjust vexation.

Dagdag pa niya, sa karahasan laban sa mga kabataan ay nakapagtala sila ng 106 na kaso ng nakaraang taon mas mataas kumpara sa 81 ng taong 2011. Ang dahilan nito ay ang mga bata ay mahina at hindi alam na sila ay naaabuso na. Ipinaliwanag rin niya na ang kanilang opisina ay nagpapanatili ng pagtatago ng katauhan ng biktima ng pang aabuso sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng pangalan ng biktima at ng suspek upang maiwasan ang psychological distress sa bahagi ng biktima.

Sinabi naman ni SWAI Dolores Tresmonte, ang GAD Focal Person ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) na sila ay nagbibigay ng paggabay o counseling sa mga naabusong kababaihan at kabataan lalong lalo na sa mga barangay na ginagawa ng Municipal Social Welfare and Development Office. Aniya, ang pamahalaang panlalawigan ay nagpapanatili ng isang "Halfway Home" o isang tahanan ng mga naabusong kababaihan at kabataan kung saan isinasagawa ang counseling at pagsasanay sa mga kababaihan para sa alternatibong pangkabu-

*(Sundan sa pahina 3)*

# Tinalakay Disaster Preparedness Plan

Tinalakay ang Disaster Risk Reduction and Management Plan (DRRMP) at ang Climate Change Adaptation & Management Plan (CCAMP) ng Camarines Norte sa pulong ng Provincial Disaster Risk Reduction Management Council (PDRRMC) noong ika-8 ng Marso, 2013 sa lalawigan ng Camarines Norte na isinagawa sa Audio Visual Production Center ng kapitolyo probinsiya.

Ang DRRMP/CCAMP ng Camarines Norte na napagtibay na ng Sangguniang Panlalawigan ay bunga ng 4 na serye ng *seminar-workshops* na idinaos sa magkakahiwalay na petsa at lugar noong Nobyembre 2012, upang ito ay mabalangkas.

Kinapapalooban ito ng *Thematic Area 1 (Disaster Prevention and Mitigation)*; *Thematic Area 2 (Disaster Preparedness)*; *Thematic Area 3 (Disaster Response)*, at *Thematic Area 4 (Disaster Rehabilitation and Recovery*).

Sa ilalim ng *Thematic Area 1 (Disaster Prevention and Mitigation)* sinimulang buuin ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan at *non–government organizations (NGOs)* ang mga sumusunod na plano: 1) *mainstreaming* at *integration* ng *DRRM/CCA* sa *provincial* at *municipal development policies*, *plans* at *budget*; 2) *DRRM* at *CCA sensitive environmental management* at *increased disaster resilient of infrastructure systems*; 3) pagsuri at pagpahusay ng *community-based* at *scientific DRRM/CCA assessment*, *mapping*, *analysis* at *monitoring*, at 4) katiyakan na makakukuha ng epektibo at angkop na *disaster risk financing and insurance* ang maaapektuhan ng kalamidad at/o sakuna kasama na ang *end-to-end monitoring system (monitoring and response)*, *forecasting* at ang pagtatayo at pagpapahusay ng *early warning system* sa mga lugar na natukoy na pinakalantad sa iba't-ibang kalamidad at/o sakuna.

Ngunit dahil hindi tayo lubusang makaiiwas sa naturang mga sitwasyon, kailangang maging handa tayo bago pa man dumating ang anumang kalamidad para matiyak ang ating kaligtasan at ating kapamilya gayundin ang ating mga ari-arian. Kung kaya ito ang sentro ng *workshop* para sa *Thematic Area 2 - Disaster Preparedness* kung saan binuo ang iba't-ibang plano para: 1) maitaas ang antas ng kamalayan at mapahusay ang kapasidad ng komunidad sa mga banta ng anumang risko *(hazards)* at pagpapatatag ng *partnership* at koordinasyon sa pagitan ng lahat ng *key players* at *stakeholders*; 2) bigyang-kakayahan at kapabilidad ang komunidad para makayanan (to cope) ang epekto ng mga sakuna; 3) mapataas ang *DRRM/CCA capacity* ng *PDRRMC*, *MDRRMCs*, at mga tanggapan sa lahat ng antas, at 4) pagdebelop at pagpapatupad ng *provincial preparedness* at *response policies, plans and systems*.



**Dr. Carlos Galvez,**
**Prov'l. Disaster Risk Reduction Management Officer ng CamNorte**

Kaugnay nito, mahalaga rin ang *Disaster Response* na siyang sentro ng *workshop* para sa *Thematic Area 3* na naglalayong makabuo ng plano para matiyak na mapapangalagaan ang buhay at matutustusan ang pangunahing pangangailangan ng apektadong populasyon alinsunod sa katanggap-tanggap na pamantayan sa panahon ng emerhensya o agad-agad pagkatapos ng anumang kalamidad. Layunin din nito na mapababa ang bilang ng *preventable deaths* at *injuries*; maibigay ang pangunahing pangangailangan ng apektadong populasyon at agarang maibalik ang pangunang serbisyong panlipunan *(social services)*.

Nakapaloob din dito ang pagbalangkas ng mga plano para matiyak ang mahusay na *disaster response operations*; mapakilos ang *Incident Command System (ICS)* ng unang rumesponde sa lugar *(first responder on site)*; matukoy ang bilang at antas *(rate)* ng mga apektadong indibidwal na napagsilbihan; paggamit ng *relief distribution mechanism*, at ang sapat at mabilis na pagtasa sa mga pangangailangan at pinsala sa lahat ng libil; *integrated* at *coordinated search, rescue and retrieval capacity*; ligtas at mabilis na paglikas sa mga apektadong komunidad, at pagtiyak na agarang mabibigyan ng pansamantalang tirahan ang mga biktima ng kalamidad, pagbibigay ng pangunahing serbisyong pangkalusugan sa mga apektadong populasyon na nasa loob o labas man ng *evacuation centers*, pagpahusay sa sikolohikal at mental na estado ng mga apektadong populasyon at mapababa ang panganib dito kasama na ang pagtatag ng coordinated, inte-

*(Sundan sa pahina 3)*

# P 43. 4 milyon sa elektripikasyon ng purok, ipinagkaloob ng NEA

Isang liham ang ipinaabot kamakailan ni Gob. Edgardo A. Tallado kay Edita S. Bueno, Administrator ng National Electrification Administration na nagpapaabot ng pasasalamat para sa pagkakaloob ng P43,482,585.00 para sa elektripikasyon ng mga purok at sitio sa Camarines Norte.

Kalakip sa kanyang liham ang listahan ng mga purok at sitio sa Camarines Norte na kailangan ding mapailawan kung kaya humiling muli ang gobernador ng pondo para dito na umaabot sa P 73 milyon.

Magugunitang si Gob. Tallado ay tinagurian ng Board of Directors ng Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO) na Ama ng Elektripikasyon ng *sitio at purok electrification of Camarines Norte* susug sa Board Resolution No 122 series of 2012. Kinilala ng hunta direktiba ang milyong piso inilaan ni Gob Tallado mula sa pondo ng pamahalaang panlalawigan, gayundin ang kanyang pagsisikap na kumalap ng pondo mula sa NEA. ***jingacalimlim***

# GOOD, nakuhang rating sa ARTA

Para sa taong 2012, *'Good'* ang *descriptive rating* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa *Anti-Red Tape Act (ARTA) Report Card*. Ito ay batay sa *survey* na isinagawa noong Agosto 16-17 ng *Department of the Interior and Local Government (DILG) Provincial Office* na may koordinasyon sa *Civil Service Commission Field Office (CSC FO)*.

Isinasagawa ng *DILG* at *CSC* ang naturang *survey* sa iba't-ibang sangay ng pamahalaan, lokal at nasyonal man, isang beses sa isang taon alinsunod sa itinatakda ng Seksyon 10 ng *R.A. 9485 (Ati-Red Tape Act of 2007)*. Layunin nito na makakalap ng mga puna *(feedback)* kung paano nasunod ang mga probisyon ng *Citizen's Charter* at paano inihahatid ng mga *local government units (LGUs)* ang mga *frontline services* sa publiko.

Ang *Citizen's Charter* ay tumutukoy sa mga opisyal na dokumento na naghahatid ng mensahe *(document that communicates)*, sa simpleng kahulugan, ito ang pamantayan sa paghahatid ng serbisyo o pangako ng isang *LGU* sa pagbibigay ng *frontline services* sa mga mamamayan. Inilalarawan nito ang bawat isang hakbang ng mga proseso para makakuha ng isang partikular na serbisyo, ang pangalan ng taong responsable sa bawat hakbang, at ang ginagarantiyang antas ng mahusay na serbisyong maaasahan mula rito.

Samantala, ang *frontline services* ay ang mga transaksyon sa pagitan ng mga kliyente at *LGUs* tulad ng aplikasyon sa pagkuha ng *permits*, lisensya, *concessions*, mga serbisyo, at iba pa gayundin ang iba pang nangangailangan ng personal na interaksyon *(face-to-face interaction)* sa publiko. Ang *frontline services* ang pinakahinihingi o kinakailangan sa hanay ng mga serbisyong ibinibigay ng mga *LGUs* at siyang may agarang epekto sa publiko o komunidad. *LORENA DELA TORRE-IBASCO*

# Kaso ng pang-aabuso...

*(Mula sa pahina 2)*

hayan upang hindi umasa sa asawa o sa ibang tao. Sinabi rin niya na isinasama ng ang pamahalaang panglalawigan ang Gender and Development (GAD) sa kanilang programa kung saan isa rito ang pagsagawa ng GAD orientation para sa mga empleyado nito sa pakikipagtulungan ng United Nations Population Fund (UNFPA).

Idinagdag niya na ang lalawigan ay may Provincial Council for the Protection of Children (PCWC), isang samahan ng mga ahensiya ng pamahalaan at mga pribadong sektor upang matugunan ang mga isyu sa mga menor de edad na kababaihan lalong lalo na ang mga nagtratrabaho sa videoke bars sa lalawigan. Nagsagawa na rin sila ng 'dikit paalala' upang bawalan ang mga menor de edad na magtrabaho sa mga videoke bars.

Ang "Talakayan sa PIA" ay pinangungunahan ni ICM Rose Manlangit ng PIA at dinaluhan ng mga mamamahayag at brodkaster ng Hello Bicol at Dateline Camarines Norte ng STV6, Pipol Event News (PEN), Nation News, Bicolandia Updates, DWYD-FM Bay Radio, DWLB-FM Labo, DWSL-FM, DWCN-FM-Radyo ng Bayan at DWSR-FM-Power Radio. (MAL/ROV -PIA5 Camarines Norte)

# Tren ng Bikol muling bubuksan

Isang konsultasyon para sa "***Proposed Upgrading and Modernization of Railway System from Northern Luzon to Matnog Sorsogon***" ang isinagawa ng *Regional Development Council (RDC), Region V* sa *Social Hall* ng *Camarines Norte State College (CNSC)*, Daet, Camarines Norte noong March 20, 2013

Layunin ng pagtitipon na isinasagawa rin sa lahat ng rehiyon sa Luzon nito na makonsulta ang mga *stakeholders* hinggil sa naturang proyekto at makakalap ng mga magagandang ideya, polisiya at rekomendasyon para isa-isang maipresenta at matalakay sa darating na *Railway Development Summit* sa Hunyo 20, 2013 .

Isasagawa ang naturang *summit* para makumbinse ang Pangulo at kanyang mga kaukulang *Cabinet Members* na aprubahan ang *Railway Development* mula *Northern* Luzon hanggang Matnog, Sorsogon. Ang proyektong ito ay makatutulong nang malaki sa mga *economic activities* sa bansa bukod pa sa makakatipid ng malaki sa pamasahe ang mga ordinaryong mamamayan sa kanilang pagparoo't parito sa kalakhang Manila gayundin sa pagluluwas ng produkto mula sa mga probinsyang sakop ng proyekto.

Matatandaan din na kamakailan ay umapela si Gobernador Edgardo A. Tallado na isama ang lalawigan ng Camarines Norte sa dadaanan ng naturang *railway project*. Sa kanyang mensahe, binanggit ng gobernador na ito'y bilang konsiderasyon ng *RDC V* sa suportang pang-imprastraktura sa lalawigan na nakasaad sa *Provincial Development and Physical Framework Plan (PDPFP)* ng Camarines Norte na maging *Growth Corridor* ang Camarines Norte para sa *Bicol* at *Southern* Tagalog *Regions*. Nagmungkahi si Gob. Tallado na ang *expansion* ng *railway system* ay mula sa *Northern* Luzon *to* Camarines Norte *to* Matnog, Sorsogon.

Samantala, dumating dito sa lalawigan ang mga *NEDA Regional Staff* sa pangunguna ni Asst. *Regional Director* Luis Banua para sa naturang konsultasyon kasama ang iba pa nilang *technical staff*. Dumalo rin dito ang mga opisyal at kinatawan mula sa iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan, pribadong organisasyon at sektor dito sa lalawigan.

Ang resulta ng nabanggit na konsultasyon ay tatalakayin sa gaganaping *regional consultation* sa Legazpi *City* bago ang pagdulog nito kay Pangulong Aquino kung saan inaasahan ang kanyang positibong aksyon para sa nasabing proyekto. ***MARILYN PACINOS-ASIS***

# Tinalakay...

*(Mula sa pahina 2)*

grated system para sa pagpapatupad ng agarang pagrekober sa mga apektadong komunidad sa lahat ng antas.

Ang pinakahuling bahagi ng binabalangkas na *Provincial DRR/CCA Plan* ay ang *Thematic Area 4* na nakatuon sa *Disaster Rehabilitation and Recovery* na kinabibilangan ng pagbuo ng mga hakbang para agarang mataya ang lawak ng pinsala, nawalang ari-arian at pangangailangan ng mga biktima; agarang pagpanumbalik ng mga gawaing pang-ekonomiko at posibilidad ng pagpapatatag at pagpapalawak nito; *DRR/CCA elements incorporated in human settlement*; matatag na komunidad kontra sa *disaster and climate change* at rekonstruksyon ng mga imprastraktura, at pagtiyak na pagkatapos ng bawat kalamidad ay maibabalik sa ayos ang estadong sikolohikal ng mga mamamayan na ligtas at protektado mula sa mga epekto ng kalamidad. ***LORENA DELA TORRE IBASCO/ jingcalimlim***

# 4-H club sa CNorte aktibo

Ang *4-H Club ng Camarines Norte* na kasalukuyang nagdiriwang ng ika-61 taong anibersaryo ngayong 2013 ay nagpulong noong Marso 8 sa *Little Theater* ng Kapitolyo Probinsyal para sa paghahanda sa darating na *Provincial Farm Youth Achievement and Recognition Day* na gaganapin sa Abril 19, *Little Theater, Provincial Capitol*

Tinalakay din sa pulong ang mga katangitanging programa at proyektong naipatupad ng mga *Municipal 4-H Clubs* sa taong 2012 partikular na ang ilang gawain nila na hindi pa natatapos at mahalagang maipagpatuloy para sa kapakanan ng mas nakararaming mga miyembro. Kasama rin dito ang mga posibleng solusyon at/o aksyon at mga istratehiyang isasagawa para mabawasan hindi man lubusang maalis ang mga balakid sa pagpapatupad ng kanilang mga pangkabuhayang proyekto ngayong taon.

Ang ilang proyekto ng mga *4-H Clubs* sa Camarines Norte ay ang pagtatanim, paghahayupan *(animal raising)*, at ang pagproseso ng iba't-ibang pagkain *(food processing)*, at iba pang gawain na nagbibigay nang mas malaking kita.

Itinuturing na pinakamatanda at tanging *youth development organization, ang 4-H Club* ay isang samahan ng mga *out-of-school youths* at *in-school youths (ISYs)* na katuwang sa mga programang pang-agrikultura at pangkabuhayan para sa *four-fold development* ng ***Head,***

*(Sundan sa pahina 6)*

News Feature

# PAMILYANG WALANG BAHAY

Ang buhay ng bawat pamilyang walang bahay ay aasenso sa pamamagitan ng Gawad Kalinga (GK) Bayani Challenge 2013," ayon kay Zarena Bacerdo, 21 taong gulang ng Purok 2, Daculang Bolo ng bayan ng San Lorenzo Ruiz.

Si Zarena ay nagdadalantao para sa kanyang unang anak at isa sa benepisyaryo ng bahay sa GK Friendship Village, Barangay Laniton, San Lorenzo Ruiz sa lalawigan para sa ika-8 Bayani Challenge na nagsimula noong ika-23 hanggang 27 ng Marso ngayong taon.sa pamamagitan ng pagtutulungan, ang pagtatayo ng mga bahay ay nagiging madali at mabilis.

"Napakaganda ng bayanihan dahil sa pagtutulungan ng mga volunteers kahit magkakaiba ang relihiyon" ayon naman kay Esperanza Prades, 50 taong gulang ng Purok 2, Barangay Laniton, San Lorenzo Ruiz. Siya ay isang vendor na may 9 na anak at benepisyaryo rin ng bahay.

"Masaya na hindi maintindihan, maraming tao at nagpapasalamat kami at kahit man lang sa pagod ay masuklian namin ang ibibigay na bahay sa amin", ayon kay Mylene Samson, 35, Purok 2 ng Barangay Laniton, San Lorenzo Ruiz. Siya ay isang mangagawa na may 6 na anak.

Ang GK Friendship Village, ay itinatag sa 2 hektaryang lupa na donasyon ng isang pribadong mamamayan, sa Barangay Laniton, sa bayan ng San Lorenzo Ruiz na isang *5th class upland municipality* na mayroong nasa 13,000 populasyon na karamihan ay umaasa sa agrikultura. .

Naging tampok ng unang araw ng Bayani Challenge noong Sabado Marso 23 ang pagbubukas , ang pag lagda ng isang Memorandum of Agreement (MOA) nina Gob. Edgardo A. Tallado, Mayor Tito Sarion ng Daet, Mayor Nelson delos Santos ng San Lorenzo Ruiz at G. Honorio Estravez, Provincial Coordinator ng Gawad Kalinga Foundation (GKF).

# GK Bayani Challenge...

***Ang pagkakaloob ng pala sa ilan sa mga benepisaryo bilang simbolo ng pagkakabilang nila sa mga tatanggap ng bahay sa Gawad Kalinga Friendship Village***





***Ang mga nagboluntaryo mula pa sa lalawigan ng Masbate na mga naka sumbrerong pang-rodeo; nakaluntiang t-shirt naman angTeam Camarines Sur. Samantala, ang PNP Camarines Norte at Philippine Army na suot ang kanilang uniporme ay nakiisa din sa house build***



*(Mula sa pahina 1)*

Lorenzo kung saan nakahanda rin ang isang ektaryang lupa para sa *vegetable farming*.

Sa pagbubukas ng *Bayani Challenge* ay isinagawa ang parada sa sentro ng Daet na nilahukan ng humigit kumulang sa 2,000 tao. Ang Daet Elementary School ang naging tahanan ng mga boluntaryong bisitang kalahok sa loob ng 5 araw na *Bayani Challenge*. Mula doon ay sinusundo sila sa umaga ng trak ng kapitolyo upang ihatid sa GK site at iba pang lugar ng school/ community build-up para sa maghapon na pagtratrabaho. Sa gabi ay mayroong handog na *entertainment* para sa kanila para sila ay malibang at makapagpahinga. Sa huling araw, ay masayang nagsalo-salo ang lahat sa isang *"boodle fight"* na tanghalian, na ayon sa GKF ay simbolo ng pagkakapantay-pantay ng mamamayang Pilipino.

Makailang ulit nagpulong ng samasama para sa pagtutulungang kinakailangan ang pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte, ang pamahalaang bayan ng Daet at San Lorenzo Ruiz bilang mga pa-ngunahing tagapagtaguyod ng Bayani Challenge 2013 sa Camarines Norte. Masusing tinalakay ang preparasyon, materyales at iba pang gastusin para sa pagtatayo ng mga bahay at iba pang gawain tulad ng school build, farm build at tree planting at atbp. ***jing-arriola-calimlim***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:***

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM

***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,

***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula

***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# kahalagahan ng organikong...

*(Mula sa pahina 7)*

tipikasyon. Ang naturang dokumento ang magpapatunay na ang magsasaka ay gumagamit ng organikong pataba at mga abono at hindi gumagamit ng anumang nabibiling kemikal at pestisidyo na nakasasama sa kalikasan lalo't higit sa mga tao.

Sinabi rin ni Ms. Puatu na mayroong *Internal Control Inspector* na pwedeng manggaling sa *BAFPS* o akreditado nitong asosasyon at *assistance* naman mula sa kaukulang *OPAg staff* na magsasagawa ng regular na pagsusuri at inspeksyon para matiyak na ang mga magsasaka na kabilang sa programa ay gumagamit ng organikong abono at pataba sa kanilang pagtatanim.

***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



Isang kultura ng Bayani Challenge ang pasahan ng hollowblocks para sa house build



Maraming kabataan din ang lumahok at nakiisa sa pagtatanim ng punong kahoy








Sa pagsisimula ng house build,, nakita ang kasanayan ni Gob. Tallado sa pagkakamada ng hollow blocks, bilang dating manggagawa sa konstruksyon. Makikita rin si Mayor Sarion at Mayor delos Santos
Sa kaliwang larawan ay ang boodle fight o samasamang pagkain sa iisang hapag isang kultura sa pagtatapos ng BC bilang simbolo ng pagkakaisa at pagkakapantay-pantay.
Sa ibaba ay ang mga nakiisang GK villages ng Camarines Norte




# 44 bahay...

(Mula sa pahina 1)

gardo A. Tallado, Mayor Tito Sarion ng bayan ng Daet, Mayor Nelson delos Santos ng bayan ng San Lorenzo Ruiz at Provincial Coordinator Honorio Estravez ng Gawad Kalinga Foundation (GKF).

Alinsunod sa MOA, sa 44 bahay na paunang itatayo, 6 dito ang popondohan ng pamahalaang panlalawigan, 6 din mula sa pamahalaang bayan ng San Lorenzo Ruiz at 10 bahay mula sa pamahalaang bayan ng Daet. Ang kabuuan nito ay 22 bahay na tatapatan naman ng 22 pang bahay ng GKF mula sa pondong kaloob ng ibat-ibang benefactors. Samantala ang lote ng bagong GK site ay donasyon ng isang pribadong tao sa pamahalaang bayan ng Daet sa pamamagitan ni Mayor Tito Sarion.

Tinugunan din ng pamahalaang panlalawigan ang pagsasaayos at paghahanda ng GK site at mga pananim na puno at pineapple suckers at sa bilang suportang programa sa mga maninirahan doon.

Tinawag na GK Friendship Village ang bagong GK site dahil sa pagtutulungang ng dalawang bayan at ng pamahalaang panlalawigan. *j@c*

# Multi-services...

(Mula sa pahina 8)

Mambungalon, Manguisoc (MERCEDES).

Sa ilang barangay na pinuntahan ay kaalinsabay na isinagawa ang pasinaya/turn-over ng projects ng pamahalaang panlalawigan. Sa bayan ng Jose Panganiban ay nagsagawa ng *ribbon-cutting* bilang pasinaya ng *senior citizens building* sa barangay Sta. Elena mula sa pondo ng pamahalaang panlalawigan. Gayundin ng proyektong kongkretong kalsada sa barangay Sta. Cruz na may pondong P 5.5 milyon mula sa Department of Agriculture at isa pang proyektong kongkretong kalsada sa barangay San Isidro na may pondong P 1 milyon mula naman kay Senador Panfilo Lacson, na pawang ang pondo ay nakuha sa pagsusumikap ng gobernador. Nagkaloob din ng *water hose* sa barangay San Jose para sa proyekto nitong patubig.

Sa lumipas na buwan ng Enero at Pebrero, ang *multi-services caravan* ay umarangkada sa bayan ng Labo, Capalonga at Labo. ***Jing A. Calimlim***



Sa pagtungo ng multi services caravan sa Barangay San Jose, Jose Panganiban, ipinagkaloob ni Gob. Tallado ang kahilingang water pump at water hose ng mga mamamayan. Mula sa kaliwa, si Gob. Tallado, Punong Barangay Eric Rieza at Kgd. Gina Ecamina



# 184 katao libreng naoperahan ng BACNA

Sa ulat ng *Provincial Health Office-Camarines Norte Provincial Hospital (PHO-CNPH)*, mayroong 184 mahihirap na pasyente ang nabigyan ng libreng operasyon sa 1-linggong *Surgical Mission (SM) 2013* ng *Bay Area Camarines Norte Association (BACNA)* noong Pebrero 3-9, 2013.

Sa naturang bilang, 52 ang *major surgical cases*, at 132 naman para sa *minor surgical cases*.

Ang libreng operasyon ay isinagawa ng mga doktor ng *BACNA* gaya nina Dr. Praxidio Tagala na isang *OB-Gyn surgeon*; Dr. Rebecca Tagala, *medical doctor (MD)*; Dr. Nelia Ritual, *anesthesiologist*; at ang mga siruhano *(surgeon)* na sina Dr. Linda Chiu at Dr. Lisa *Grininger*.

Nakatulong dito ng *BACNA Surgical Team* ang mga doktor ng *PHO-CNPH* na sina Dr. Emmanuel Enesio, *surgeon*; Dr. Verna Sanio, *ENT*; Dr. Moises Cacawa Jr., *surgeon*; Dr. Ma. Antonette Felizardo, *OB-Gyn*; at mga *anesthesiologists* na sina Dr. Demetrio Barrios, Dr. Yolanda Reyes at Dr. Ma. Victoria Murillo.

Ang 52 *major operations* na isinagawa nila ay kinabibilangan ng: *ovarian new growth* – 1; *breast mass* - 2; *ear lobe tumor* – 1; *ovarian cyst* – 2; *myoma uteri* - 3; *pelvic laparotomy and bilateral salphingo cystology* - 1; *uterine myoma* – 8; *indirect inguinal hernia* - 13; *procedentia uteri* - 1; *pelvic mass* – 1; *breast carcinoma intralobular* – 1; *cleft lip/palate* – 6; *NGT thyroidectomy* – 1; *thyroglossal duct cystic/ solid mass* – 1; *thyroid nodule-right* – 1; *cholecystolithiasis* – 2; *Calculus cholecystitis* – 1; *thyroid mass* – 1; *Orchitis left hydrocele* – 1; *cholethiasis* – 1; *pelvic mass ascitis* – 1; *parotid tumor (parotidectomy)* – 1, at *herniorraphy* – 1.

Nagbigay rin sila ng *medical consultations* para sa 8 pasyente maliban pa sa 127 *minor surgical operations* na isinagawa nila nang libre gaya ng sumusunod: *mass excision (breast/ shoulder/cheek/neck/hand/ thigh/forearm/thumb/knee joint/facial)* – 31; *excision lipoma mass* – 16; *sebaceous cyst* – 50; *dermatofibroma* – 1; *cystic fibronoma (auricular)* – 1; *Ganglion cyst (wrist/hand)* – 4; *lymphadenopathy* – 1; *S/P excision mole (elbow/ tendon cyst)* – 2; *consultation only* – 8 ; *dressing removal* – 1; *fibroma (cheek/arm)* – 3; *granuloma (foot)* – 2; *hemangioma (hand)* – 1; *aspiration of old hematoma* – 2; *keloid* – 3; *abscess* – 1; *fibroadenoma (breast)*– 3; *Synovial fluid (forearm)* – 1; *tongue tied* – 1; *frenulum* – 1; *grandoma occipital area* – 1, at ; *breast nodule* – 1.

Ang *BACNA* ay lehitimong samahan ng mga kababayan nating Camarines Norteños na nakabase sa *Bay Area, San Francisco, California* na mga propesyonal o matagumpay na negosyante na nangangalap ng pondo at *medical/surgical supplies* at humihimok sa mga Pilipino at banyagang doktor, narses, *anesthesiologist* at iba pang *medical personnel* para tumulong sa kanilang *humanitarian mission*.

Ang *BACNA Surgical Mission* ay taunang isinasagawa sa Camarines Norte Provincial Hospital sa pagtutulungan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at *BACNA* sa layuning mas maraming mahihirap na pasyente ang mabigyan ng libreng operasyon at matulungan silang maging produktibong mga indibidwal. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# P38 milyon...

*(Mula sa pahina 8)*

ng paulit-ulit nilang pagliham at paalala sa mga nagnenegosyo sa mina para sa pagtupad ng kanilang obligasyon sa pamahalaan, hindi nila ito binigyang pansin. Sa pagsisimula ng administrasyon ni Gob. Tallado na nagpakita ng kanyang seryosong kampanya ukol dito naging maayos at tuloy-tuloy ang pagtaas ng koleksyon sa buwis mula dito.

Ang paglobo ng koleksyon simula 2011 ay dahilan din sa masiglang kalakaran ng negosyo ng bato at buhangin hatid ng malaking pangangailangan sa dami ng mga proyekto inprastraktura ng pamahalaang panlalawigan.

Sa kabuaan ay P45.4 milyon ang nalikom na buwis sa pagmimina sa lalawigan. Alinsunod sa batas, ang 30% ay para sa pamahalaang bayan at 40% para sa pamahalaaang barangay na nakakasakop sa kalakalan ng pagmimina na nagbayad ng buwis. Samantala, ang 30% pa o katumbas na halagang P 38 milyon ay para naman sa pamahalaang panlalawigan.

Mula sa koleksyon ng buwis na ito ay marami ang nakinabang – ang barangay, munisipio at pamahalaang panlalawigan ay nagkaroon ng karagdagang pondo upang madagdagan ang serbisyo at proyektong naihahatid sa mamamayan ng Camarines Norte. *Jing a calimlim*

# Ugaliin Pagsesepilyo at paghuhugas ng kamay

Ang Pamahalaang Panlalawigan ay nagsagawa ng *turn-over* ng mga *supplies* sa *Department of Education (DepEd)* noong Marso 25, 2013 kaugnay ng *Essential Health Care Program* na pinopondohan sa ilalim ng administrasyon ni Gobernado Edgardo A. Tallado.

Ito ay tugon sa tumataas na bilang ng *hygiene deficiency related diseases* na pinakaapektado ay ang mga *pre-schoolers* at *school children* sa lalawigan. Ang naturang mga *supplies* ay kinabibilangan ng mga *polypaste* at *toothbrush* na ipamimigay sa mga batang mag-aaral ngayong pasukan.

Sa ilalim ng naturang programa ang mga batang mag-aaral ay sasanayin na maghugas ng kamay at araw-araw na magsepilyo ng ngipin sa loob ng paaralan at 2 beses silang bibigyan ng *deworming* sa loob ng isang taon para magkaroon sila ng proteksyon laban sa *hygiene deficiency related diseases*.

Matatandaan din na sa mga nakaraang taon ay namigay din ng kahalintulad na mga *supplies* sa iba't-ibang paaralan na ginamit ng mga mag-aaral. Ipinagpapatuloy ang gawaing ito upang masanay ang mga bata na maging malinis sa katawan para magkaroon sila ng proteksyon sa mga sakit.

Inaasahan na aktibong makikipagtulungan ang mga kaukulang paaralan at guro sa pagpapatupad ng programang ito. ***MARILYN PACINOS-ASIS***

# Ibinida sa ...

*(Mula sa pahina 2)*

matatag na Pamayanan.

Samantala, ang selebrasyon dito ng *Women's Month/Day* taun-taon ay alinsunod sa itinatakda ng *Proclamation No. 224 s.*1988 na nagdedeklara sa unang linggo ng Marso ng bawat taon bilang *Women's Week* at ang Marso 8 bilang *Women's Rights and International Peace Day* at *National Women's Day* susog naman sa *Republic Act (RA) 6949 s. 1990* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# GAD tinalakay...

*(Mula sa pahina 2)*

Kasunod nito, tinalakay ni *Atty.* Annalie Thomas Velarde ng *Department of Justice (DOJ)* ang mahahalagang nilalaman *(salient features)* ng *Republic Act No. 9710* na mas lalong kilala bilang *Magna Carta of Women*.

Si *Population Program Officer II* Helen Marqueses naman ng *Provincial Health Office (PHO)* ang naging tagapagtalakay ng paksang *Reproductive Rights of Women* na nakapaloob sa *Republic Act No. 10354 (The Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012)*. Itinataguyod ng nasabing batas ang karapatan ng mga kababaihan na mabigyan ng *sexual* at *reproductive health care* kasama na ang mailapit ang mga natural at modernong *contraception* at *reproductive health information* para sa mga nakatatandang kababaihan *(adult women)*.

Ang mga paksa namang *Gender-Based Violence* at *Women in Government* ay tinalakay nina *P/ Insp.* Ana Rose A. Domingo ng *Philippine National Police (PNP)*, at Ms. Melody E. Relucio, *LGOO VI* ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*, ayon sa pagkakasunod.

Samantala, pagkatapos ng bawat pagtalakay ay nagkaroon din ng malayang talakayan *(open forum)* kung saan ang ilang mahahalagang isyu at usapin ay mas nabigyang-linaw. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# 4-H club ...

*(Mula sa pahina 3)*

***H**eart, **H**ands* and ***H**ealth (4-H)*. Sila ay tinutulungan ng mga kaukulang sangay ng pamahalaan partikular na ang *Department of Agriculture (DA)* at dito sa Camarines Norte ay aktibong sinusuportahan ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng *Office of the Provincial Agriculturist* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/MELINDA JEREZ***

# Makinaryang pagsasaka at iba, paparating

Tinanggap kamakailan ni Gob. Edgardo A. Tallado, bilang tugon sa kanyang sulat kahilingan, ang isang liham mula kay Undersecretary Jerry E. Pacturan ng Department of Agrarian Reform DAR) na nagpapabatid ng mga makinaryang pang-agrikultura para sa lalawigan ng Camarines Norte.

Nakatakdang dumating sa Camarines Norte ang mga susumunod na common service facilities (csf) sa ilalim ng programang *Agrarian Reform Community Connectivity and Economic Support Services (ARCCESS):* ▪1 unit fiber dyer ▪7 units hand tractors with implements ▪1 unit mechanical transplanter with seeder conveyor & 4000 trays at ▪1 unit combine harvester.

Bukod pa dito, nakatakda na ring bilihin ng DAR ang iba pang csf para pa rin sa Camarines Norte: ▪ 1 unit Decorticating Machine ▪ 1 unit Mechanical Twining with Carding Machine ▪ 1 unit Balling Machine ▪ 2 unit Hauling Truck (6 tones) at ▪ 1 unit 4WD Tractor (35 HP with implements.

Nakalaan ang ilan sa mga nasabing kagamitan para sa *Basud Development Cooperative ng Barangay Laniton Basud*, ang iba naman ay para sa Sta. *Elena Farmers Multi-Purpose Cooperative ng bayan ng Sta. Elena* at mayroon ding para sa *Caayunan Multi-Purpose Cooperative ng Caayunan, Basud*. Ang mga naturang kooperatiba ay kabilang sa mga Agrarian Reform Beneficiary Organizations ng DAR.

Ayon pa sa liham ni USec. Factoran, ang pagkakaloob ng mga csf sa ilalim ng ARCCESS ay kaakibat ng mga rural infrastructure projects na isinasagawa sa Camarines Norte sa ilalim ng ARCP II na isinulong ni Gob. Tallado.

Samantala, ipinabatid naman ni Gob. Tallado ang nalalapit na Farmers and Fisher Folks Forum na gaganapin sa Abril 10, na kung saan ilalahad niya ang natupad na gawain sa 2012 at ang mga plano at direksyon sa taong kasalukuyan ng pamahalaang panlalawigan para sa sector ng agrikultura. *JING A. CALIMLIM*

# ARCP2...

*(Mula sa pahina 8)*

*Purpose Pavement/Solar Dryer*, Brgy. Laniton – P174,344.14, at 5) *Rehabilitation of* Mampili *Level II Potable Water System*, Brgy. Mampili – P736,184.46; LABO – 1) *Concreting of* Malangcao Basud, Purok 6-7 FMR – P3,080,278.34; 2) Concreting of Naboonganigang FMR – P4,779,377.50; 3) *Construction of* Purok 1, *FMR*, Brgy. Talobatib – P1,571,475.75; 4) *Concreting of* Macogon *Brgy. Road* – PP3,134,776.20; 5) *Construction of* Malangcao Basud *Health Station (HS)* – PP641,614.80; 6) *Improvement of Day Care Center*, Brgy. Daguit – P406,365.55; 7) *Construction of DARBO Multi-Purpose Building*, Brgy. Daguit – P816,704.92; 8) *Construction of Solar Dryer*, Brgy. Daguit – P224,170.69; 9) *Construction of Solar Dryer*, Brgy. Malangcao Basud – P224,170.69, at 10) *Rehabilitation of* Macogon *Level II Potable Water System* – P1,252,136.64; PARACALE – 1) *Rehabilitation of* Matanlang-Casalugan *FMR* – P2,195,851.42; 2) *Concreting/Improvement of* Capacuan (Purok 1-5) *FMR* – P4,776,489.67; 3) *Construction of Day Care Center*, Brgy. Dagang – P349,785.05; 4) *Construction of Multi-Purpose Building*, Brgy. Batobalani – P635,289.84, at 5) *Construction of* Balombon *Spring Level II Potable Water System* – P601,251.22, at SAN LORENZO RUIZ – 1) *Rehabilitation/Road Opening of* San Isidro Sitio Too *FMR* – P2,109,370.16; 2) *Concreting of* San Ramon Purok 1-2 FMR – P615,183.66, at 3) *Concreting of* Purok 2-4 *FMR* – P352,885.90 o may kabuuang halaga na P34,407,567.28.

Samantala, may 25 pang ibang proyekto bukod dito na mula naman sa DAR ang pondo bunga ng pagtaya natin ng *counterpart.*

Sa ilalim ng *loan agreement*, ang P34.5M loan ay babayaran ng pamahalaang panlalawigan sa loob ng 10 taon namay palugit (grace period) na 1 taon at ang pagpataw ng *amortization interest* ay magsisimula sa taong 2014.

Isinusulong nina Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel ang pagtiyak na maipapatupad ang *ARCP II* projects sa iba't-ibang panig ng lalawigan sa layunin na ang mga magsasaka at residente na nasa malalayong barangay ay matamasa ang mga benepisyong kaakibat ng mga kongkretong kalsada, tulay, paaralan, pasilidad na pangkalusugan, at iba pa. Sa pamamagitan nito, mas epektibong maipadarama ng administrasyon ni Gob. Tallado ang kanilang sinseridad na magbigay ng pinakaangkop, pinakamahusay, at tapat na paglilingkod-bayan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Pagtatanim ng bakawan, patuloy

Patuloy ang pagtatanim ng mga bakawan sa mga baybaying lalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng Mangrove Rehabilitation Project na ipinatutupad ng Fisheries Development Division ng Office of the Provincial Agriculturist (OPAg-FDD) ng pamahalaang panlalawigan.

Isinasagawa ito ng naturang tanggapan sa mga barangay kung saan bawat lugar na tataniman ay mayroong nakalaan na 50,000 binhing bakawan sa 10 ektarya ng bawat taon.

Katuwang sa pagtatanim ang mga fisherfolks organization ng mga barangay na doon din kumukuha ng binhing pantanim sa pagpaparami ng puno ng bakawan.

Ayon kay Senior Agriculturist Danilo T. Guevarra ng OPAg-FDD, ang bakawan ay nakatutulong sa kalikasan at pang-ekonomiko at pangsosyal na benepisyo kung saan ito ay lugar para sa pagpapalaki ng mga isda, hipon at alimango at tumutulong sa produksiyong pangisdaan sa mga katubigang-baybayin.Aniya, nagbibigay din ito ng mga mahahalagang pinagkukunan ng pagkain ng mga hayop at proteksiyon ito sa mga baybaying lugar at pamayanan kung mayroong bagyo, malakas na alon, agos ng tubig at malakas na hangin.

Dagdag pa ni Guevarra, pinipigil ng bakawan ang mga nakalalasong organiko na malapit sa mga baybaying-tubig/dalampasigan at ang carbon dioxide mula sa hangin para gawing organic biomass (carbon) sa tulong ng sinag ng araw. Maaari rin itong gawing hanapbuhay sa pag-aalaga ng mga alimango sa pakatan, pangongolekta ng mga kabibe, pagpaparami ng seaweeds at iba pang gawaing pangpangisdaan ayon pa rin kay Guevarra.

Ang bakawan ay mayroong tatlong uri ng tanim na kinabibilangan ng bakawan-lalaki, bakawan-babae at bakawan-bangkau. Ang bakawan-lalaki ay makikilala na maikli ang bunga katulad rin ng bakawan-bangkau na kadalasan ay nabubuhay na malapit sa dagat samantalang ang bakawan-babae naman ay mataba at mahaba ang bunga na nabubuhay naman malapit sa ilog. Ang bakawan ay sumisibol sa kahabaan ng mga tidal mudflats gayundin sa mababaw na katubigan sa may baybaying dagat na umaabot sa kahabaan ng mga ilog, sapa at mga sangandaan kung saan ang tubig ay karaniwang maalat-alat.

Matatandaan na nakapagtanim na ng naturang binhi sa barangay Catandunganon sa bayan ng Mercedes nang nakaraang 2012 at nakatakda naman sa taong ito sa barangay Gumaus ng bayan ng Paracale. ***LORENA T. IBASCO/ Edgar Estanislao***

# Kahalagahan ng orkanikong pagsasaka dapat maunawaan

Nilaanan ng pondong P1.5 milyon ng *Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DA RFU5)* ang *Organic Trading Post Facility and Equipment*, isang proyekto maitatayo sa malapit na hinaharap administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado katuwang ang *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg).*

Sa nabanggit na pondo mula sa *DA RFU5* ay kasama na ang inisyal na puhunan para sa pagbili ng mga organikong produktong pananim ng mga magsasaka na gumagamit ng organikong sistema ng pagsasaka.

Kaugnay nito, inilaan naman ng pamahalaang panlalawigan ang bakanteng loteng katabi ng *Camarines Norte Government Workers Multi-Purpose Cooperative (CNGWMPC)* para pagtayuan ng naturang gusali. Ang *CNGWMPC* rin ang siyang magsisilbing tagapangasiwa ng naturang pasilidad at magsasagawa ng mga inisyatibo para mapaunlad ito.

Sa sandaling matapos ang konstruksyon ng gusali, dito pansamantalang iiimbak ang mabibiling mga aning organikong produktong gulay at iba pang produktong agrikultural ng mga kababayan nating magsasaka bago ipagbili ng *CNGWMPC* sa potensyal na merkado. Ang bibilhin lamang nito ay ang mga produkto mula sa *organic agriculture* o mga aning pananim na hindi ginamitan ng mga pangkomersyal na abono, kemikal at/o pestisidyo man para mapangalagaan ang kalusugan ng tao at kalikasan.

Ayon naman kay *Supervising Agriculturist* Marilyn Puatu ng *OPAg* na siya ring tumatayong *Provincial Organic Focal Person*, kailangan na ang lugar-taniman ng mga magsasaka ay *certified organic farm* na patotohanan ng *Bureau of Agricultural and Fisheries Product Standards (BAFPS)* at sa *Organic Certification Center of the Philippines (OCCP)* sa pamamagitan ng pagisyu ng kaukulang ser-

*(Sundan sa pahina 4)*

# P38 milyon nakolektang buwis sa pagmimina

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MARSO 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

Susog sa talaan ng Provincial Accountant Office, umabot na sa P 38 milyong ang nakolekta ng pamahalaaang panlalawigan mula sa buwis sa pagmimina simula 2010 hanggang 2012 sa ilalim ng panunungkulan Gob. Edgardo A. Tallado.

Base sa talaan, P 3.1 milyon lamang ang koleksyon sa 2009 ngunit tumaas agad ito ng P 5.9 milyon o 90.32 % sa 2010. Sa taong 2011, P 15.4 milyon o 161.02% ang itinaas ng koleksyon. Sa sertipikasyon ng Provincial Accountant Office na nilagdaan ni Provincial Accountant Gng. Myrna Sendon, P 16.884 milyon ang nakolektang buwis ng pamahalaaang panlalawigan sa industriya ng pagmimina ng nakaraang taon, o tumaas pa rin ito ng 9.63 %.

Ang malaking koleksyon sa loob ng tatlong taon ay kinapapaloobban ng sand and gravel tax - P 19.6 milyon; sand and gravel fee - P 2.9 milyon; quarry and resource tax - P 6.4 milyon; ore transport fees -P 7.4 milyon at small-scale mining fees- P 1.7 milyon. Ang resulta ng mataas na koleksiyon ay nagbunga naman ng mas maraming proyekto at serbisyo ng pamahalaang panlalawigan.

Ayon kay Engr. Leopoldo Badiola, hepe ng Provincial Environment and Natural Resources Office, ang malaking pagtaas ng koleksyon sa nakalipas na 3 taon ay dahilan sa maigting at maayos na pagpapatupad nang pangongolekta ng buwis sa mga nagmimina na pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado, simula ng manungkulan siya noong 2010. Sabi pa ni Engr. Badiola, sa mahabang panahon, sa kabila

(Sundan sa pahina 6)

# ARCP2, wala ng sagabal

Pinagtibay kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 070-2013 na nagratipika (nagpahintulot) sa kasunduan sa pag-utang *(loan agreement)*, responsibilidad (assignment) at iba pang dokumento patungkol sa nasabing pautang *(loan/credit facility)*, sa pagitan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na kinakatawan ni Gob. Edgardo a. Tallado at ng Land Bank of the Philippines (LBP) na kinatawan ng *President/Chief Executive Officer* (CEO) nito na si Gilda E. Pico, na nagkakahalaga ng Tatlumpu't Apat na Milyon at Limandaang Libong Piso (P34,500,00) para mapunduhan ang mga proyektong pangkaunlaran *(developmental projects)* sa ilalim ng *Agrarian Reform Community Project II (ARCP II)*.

Dahil dito, wala ng sagabal ang pagpapalabas ng pondo ng Department of Agriculture (DAR) para sa 48 proyektong pangimprastraktura sa ilalim ng *ARCP II* sapagkat sigurado na ang pondo para sa *equity* na P34.5 milyon ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na iniuutang sa LBP.

Batay sa katitikan ng isinagawang *SP session* noong Marso 5, ipinaliwanag na ang P34.5M *loan* ay bahagi ng P89M *loan* para sa *ARCP II*. Ang P159M na una nang ipinanukalang utangin noong 2012 ay binubuo ng P89M *loan* sa *LBP* at ang P70M *loan* naman ay para sa *MDFO*. Ang P34.5M ay bahagi ng P89M na inuutang kung saan P34.5M lamang ang inaprobahan ng *LBP*.

Ang P34.5M *LBP loan* na inaprubahan ng SP bilang *LGU equity* ay gugugulin para punduhan ang mga sumusunod na *ARCP II sub-projects*:

BASUD – 1) *Concreting of* Caayunan *Farm to Market Road (FMR)* – P2,459,506.13; 2) *Concreting of* Tuaca-San Pascual *FMR* – P2,514,901.78; 3) *Construction of Access Road for ARCCESS*, Brgy. Laniton – P755,452.77; 4) *Construction of Multi-*

(Sundan sa pahina 7)

# Multi-services caravan nagtungo sa 56 brgy, isinabay pasinaya ng proyekto

Sa buong buwan ng Marso, nakarating ang *multi-services caravan* sa 56 na barangay sa 9 bayan sa lalawigan sa pangunguna ni Gob. Edgardo A. Tallado na tulad ng dati ay walang pagod na nagpapalipat sa 3 hanggang 4 na barangay na sabay-sabay ang iskedyul sa isang araw.

Ang tinutukoy na 56 barangay na dinalaw ng *multi-services caravan* ay ang San Martin, San Pedro, Sta. Cruz. San Isidro, San Jose, Sta. Elena (JOSE PANGANIBAN); Labnig, Mangkasay, Tabas (PARACALE); Del Carmen; San Francisco, San Jose, Sta. Elena , Binanuaan, Cahabaan, Calintaan, Itomang, San Isidro, Sto. Nino (TALISAY); Mambalite, Pamorangon, San Isidro, Bibirao, Cobangbang, Calasgasan, Magang, Mancruz (DAET); Fabrica, Iraya Sur, San Jose, Asdum, Calabagas, Kanluran, Cabanbanan, Man-ogob, Silangan (SAN VICENTE); Daculang Bolo, Langga, Laniton, Dagotdotan, Mampurog, Matacong (SAN LORENZO RUIZ); Lidong, Mandazo, Oliva, Angas, Taba-Taba, Mangcamagong ,Caayunan, San Pascual, Tuaca (BASUD); Cayucyucan , Barangay I, Guinacutan, Napilihan at Sto. Domingo (VINZONS); Gaboc,

(Sundan sa pahina 5)

*Concreting of San Martin, Jose Panganiban farm to market road-isa sa mga ARCP2 na proyektong kalsada sa lalawigan ibunga ng pagtutulungan ng pamahalaang panlalawigan at ng DAR. Binisita ito ng punong lalawigan sa kanyang pagtungo sa nasabing barangay na magsagawa ng multi-services caravan*





*Ang pasinaya ng proyektong kalsada sa San Isidro ng magtungo doon ang multi-services caravan. Mula sa kaliwa, si Unang Ginang Josie B. Tallado; Grace Villablanca, Coordinator ng PGCN sa JPang, Gob. Egay Tallado, Punong Barangay Wilfredo Oficiar at Wennie Oco, dating Mayor ng Labo*